



Kapanganakan *hanggang* 8 buwan



PAGKAKAINTINDI NG BILANG

Paano natututo ang mga bata tungkol sa mga bilang?

Buod ng Pagkakaintindi ng Bilang

Ang mga bata ay tumutuklas at nagsisimulang magsanay ng mga kakayahan na kailangan para sa matematika bago pa man pumasok sa elementarya. Sa mga unang taon ng buhay, ang mga bata ay natututong magbilang, kumilala ng mga hugis at modelo, naghahambing ng mga sukat at mga dami, at kumikilala ng mga pagkakapareho at kaibahan. Nakukuha ng mga bata ang mga kakayahang ito sa pamamagitan ng kanilang pagiging mausisa at naglalaro ng mga bagay at sa pamamagitan ng mga simpleng interaksyon sa mga matatanda. Ang araw-araw na interaksyon tulad ng pagbilang ng mga daliri sa kamay at paa ng isang matanda, pagbibigay ng dalawang pirasong saging, at ang pag-aayos ng bughaw at puting medyas sa iba't-ibang tumpok ay nagdadagdag ng kakayahan ng isang bata sa matematika. Ang mga bata ay nagsisimulang makipag-usap tungkol sa mga dami ng mga bagay gamit ang mga salitang “mas marami” at “mas malaki.”

Habang sila ay lumalaki, sila ay natututong bumilang ng ilang mga numero. Lumalaki rin ang kanilang pang-unawa ng dami sa pamamagitan ng mga aktibidad tulad ng paglagay ng mga plato at mga baso sa mesa. Nalalaman nila kung paano ginagamit ng mga matatanda ang pagbibilang sa araw-araw na buhay at matututunan kung paano gamitin ng mga numero sa pamamagitan ng paggaya sa mga matatanda. Sa kabuuan ng mga unang taon, halos lahat ng mga bata ay natural na interesado sa mga numero. Mga masasayang aktibidad na may kinalaman sa mga numero ay nagpapatibay sa natural na interes ng mga bata at humihimok sa kanila na matuto pa tungkol sa mga konseptong pang-matematika.



Panimula

Ano ang natututunan ng mga sanggol tungkol sa mga numero?

Ang mga maliliit na bata ay nagsisimulang magsanay sa kanilang kakayahan na kinakailangan para sa aritmetika at matematika bago pa sila pumasok sa paaralang elementarya. Karamihan sa mga kakayahang ito ay ay nabuo sa pamamagitan ng kanilang sariling pinasimulan na paglalaro ng mga bagay at sa pamamagitan ng mga simpleng tagubilin ng mga matatanda.

- Nalilinang ang mga maagang ideya ng mga maliliit na sanggol tungkol sa mga numero, kahit na bago pa sila magsimulang magsalita. Nagsisimula sila sa pamamagitan ng pag-pokus sa isang bagay sa isang pagkakataon. Aabutin nila ang laruan na iniaabot mo sa kanila. Sa silid na puno ng tao panonoorin lang niya ang kanyang ama habang naglalakad papalapit sa kanya.
- Ang mga sanggol ay ipinakikilala sa kakayahang bumilang sa pamamagitan ng pang-araw araw na interaksyon tulad ng, ang mga magulang ay nagbibilang ng mga daliri at daliri sa paa, o humahalik ng dalawa, isa sa bawat pisngi.
- Hanggang mag- 8 buwan ang edad ng mga sanggol, kapag hinawakan nila ang ilang bagay sa bawat kamay (dalawang bagay!) at inalok mo ang ikatlong laruan, maaari nilang ibaba ang isa sa mga bagay na hawak nila upang mahawakan nila ang bagong bagay. Ito ay nagpapakita ng panimula sa pag-unawa kung ano ang “dalawa.”



Paano natututo ang mga bata tungkol sa mga bilang? PAGKAKAINTINDI NG BILANG

Mga tip sa mga magulang upang tulungan ang mga bata na maunawaan ang mga numero:

Marami sa mga bagay na ginagawa ng mga magulang ay likas sa mga bata na tulungan sila na linangin ang kanilang matematika at kakayahan sa pabibilang. Maraming pagkakataon sa ating pang-araw araw na buhay kung saan ang mga matatanda ay nagbibilang ng mga bagay at ang mga bata ay nagsasanay bumilang sa kanilang paglalaro. Narito ang ilang mga mungkahi sa mga bagay na maaaring gawin ng mga magulang.

- Kapag hinawakan mo ang isang daliri ng iyong sanggol para kunin siya, maaari mong sabihin na, "Hinahawakan mo ang daliri ko." Kapag hinawakan mo ang dalawang daliri para kunin siya, maaari mong sabihin na, "Dalawang daliri ito." Maraming mga pagkakataon katulad nito kung saan maaari mong gamitin ang simpleng mga bilang habang nakikipag-usap sa iyong sanggol.

Ang mga sanggol ay natututo sa pamamagitan ng kanilang mga karanasan sa aktibong pakikibahagi. Kapag hinawakan nila ang iyong daliri, nagsisimula silang magkaroon ng ideya sa mga numero.

- Maaari mong ituro ang iyong ilong at pagkatapos ay ituro ang ilong ng iyong sanggol. "Ito ang aking ilong at ito naman ang iyong ilong." Ito ay panimula upang ipakilala ang kaisipan ng isa sa isang pagtutumbas. "Isang tao/ isang ilong." Bawat tao ay may isang ilong.
- Kapag pinasususo o pinakakain natin ang mga sanggol, likas nating pinag-uusapan ang tungkol sa dami. "Tumigil kang sumuso. Busog ka na ba o gusto mo pa ng maraming gatas?"
- Kapag gumapang siya upang kunin ang bola ng isang kamay at pagkatapos ay kukuha pa ng bola para sa isang kamay, maaari mong sabihin, "Nahanap mo ang bola! Ngayon may dalawang bola ka na, isa sa bawat kamay!"
- Kapag dumaan ang trak ng basura at itinuro ng iyong anak, maaari mong ipaliwanag, "Nakita mo ang trak ng basura. Ito ay malaking trak." Maraming pagkakataon na pag-usapan ang sukat ng mga bagay sa paligid ng iyong sanggol.

Kapag tayo'y nagbibigay sa mga bata ng mga bagong salita at mga ideya tungkol sa mga bagay na sila'y interesado, sila'y lalong nagtutuo ng atensiyon.

allaboutyoungchildren.org